# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**




# MODYUL 6

## KOLONYALISMO TUNAY NA MOTIBO SA PAGPUNTA NG MGA EUROPEO SA ASYA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 6**

**KOLONYALISMO**

**TUNAY NA MOTIBO SA PAGPUNTA NG MGA EUROPEO SA ASYA**




Tinalakay natin ang mga salik na nagbunsod sa mga Europeo upang magtungo sa Asya. Sa ating pagsusuri, nakita natin na ang pangunahing layunin sa pagsikap nilang makapunta sa Asya ay pang-ekonomiya. Kung nagpalaganap man sila ng relihiyon, ito ay pumapangalawang layunin lamang. Sa modyul na ito ay maliliwanagan ka sa tunay na motibo sa pagpunta ng mga Europeo sa Asya. Ano naman kaya ang naging katugunan ng Asyano sa pagpunta ng Europeong ito?

Kaya subaybayan natin ang mga pangyayari sa mga sumusunod sa aralin.



May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Mga Anyo ng Kolonyalismo
- Aralin 2: Pagtugon sa Kolonyalismo
- Aralin 3: Epekto ng Kolonyalismo sa Asya



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalarawan ang kolonyalismo ng mga kanluranin na itinatag sa rehiyon ng Asya;
2. Maipaliliwanag ang tugon ng mga nasakop sa mga kanluraning mananakop; at
3. Matataya ang mga epekto ng kolonyalismo sa Asya.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Isulat ang tinutukoy ng mga sumusunod.

.

_____________1. Kilusang reporma na isinagawa ng mga Pilipino na pinangunahan nina Rizal, del Pilar, at Lopez Jaena.

_____________2. Ang Europeong bansa na sumakop sa India.

_____________3. Ang maunlad na napakaliit na Estado na dati ay bahagi ng Malaysia at naging Kolonya na Britanya.

_____________4. Ang tawag sa bansang nasakop ng makapangyarihang bansa.

_____________5. Ang unang motibo ng mga British sa pagpunta sa India.

_____________6. Bansang sumakop sa East Indies sa loob ng 300 taon.

_____________7. Ang taong nagsagawa ng isang mapayapang paraan ng pagtutol sa pananakop ng India.

_____________8. Ang kilalang tawag sa North Borneo lalo na ng mga Pilipino.

_____________9. Rebelyon ng katutubong sundalo ng India.

_____________10. Ang tawag sa kabuuang sakop ng Pransiya na binuo ng Annam, Laos, Cochin China, Tonken, at Cambodia.

**ARALIN 1**

**MGA ANYO NG KOLONYALISMO**



Ang pagtuklas ng mga Europeo ng daan papuntang Silangan na dumadaan sa Kanluran ay nagbigay-daan para manakop ng mga teritoryo sa Asya na una nilang natuklasan. Nagawa nila ito sapagkat mas superior ang kanilang mga armas, gaya ng kanyon at baril kaya't kahit sila ay kakaunti, kayang-kaya nilang manlupig ng maraming katutubo. Sa sandaling masakop ang isang lugar, ito ay ititunuring na kolonya ng Europeong bansa na sumakop dito. Mahalaga para sa Europeo ang mga kolonya bilang mapagkukunan ng kayamanan. Nagkaroon ng matinding kompetisyon sa pagitan ng mga bansa sa paramihan ng kolonya.

Ang kolonisasyon ay ang pananakop sa isang teritoryo upang ipasailalim ito sa kapangyarihan ng dayuhang bansa. Ang mga motibo ng kolonisasyon ay ang mga sumusunod:

1. ***Pangkabuhayan-*** dito ay mapapalawak ang industriya at kalakalan ng nanakop na bansa at matatamasa ang hilaw na yaman ng nasakop na teritoryo.
2. ***Pangrelihiyon-*** pagpapalaganap ng relihiyon
3. ***Pagpapalawak ng Kapangyarihan-*** dito ay makapagtatatag ng mga base militar at makapagtatayo ng pamahalaang kolonyal.

**Kolonisasyon ng Asya**

| Bansang Nanakop | Teritoryong Sinakop | Paraan ng Pananakop | Resulta ng Pananakop |
|---|---|---|---|
| 1.Portugal | • Goa (India)<br>Malacca<br>Silangang Indies<br>Ceylon | • Itinaboy nito ang mga Arabo at ginawang kabisera | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Timor<br>Formosa | | |
| 2. Espanya | • Pilipinas | • Natuklasan ni Magellan noong 1521<br>• Sinakop ng Espanya noong 1565 sa pamamagitan ni Legaspi | |
| 3. Pransiya | • Indo-China | • Pagtulong sa Prinsipe ng Annam upang mabawi ang imperyo<br>• Pagsakop ni Napoleon ng Saigon<br>• Pagsakop ni Henri Rivera sa Hanoi noong 1882 | • Ang rehiyong Indo-China ay naging French Indo-China<br>• Noong ika-20 saiglo ang French Indo-China ay binuo ng Anmam, Tonken, Cambodia, Laos, at Cochin China |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4. Olandia (Holand) | • Java Malacca Moluccas | • Sa pamamagitan ng Dutch East India Co. nakontrol ng Olanda ang kalakalan sa Asya at nasakop niya ang Java, Malacca, at Moluccas | • Sinakop ng Olandes ang East Indies (Indonesia) sa loob ng 300 taon |
| 5. Britanya | • Malaya (Malaysia) | • Pinaupahan ng Sultan ang pulo ng Penang noong 1786<br>• Binili ni Sir Thomas Raffles ang Penang noong 1819<br>• Pinamahalaan ng Ingles ang Singapore, Malacca, Penangnoong 1861 | • Noong 1896 pinagsama-sama ang apat na sultanato at binuo ang Federated Malay States<br>• Ang estado ng Kedah Kelantan, Trenggana, Perlis at Johore ay nabuo bilang Unfederated Malay States |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | na nanatiling Malaya ngunit may kasunduan sa Ingles |
| | • India Ceylon | • Sinakop ng Britanya sa pamamagitan ng pangangalakal<br>• Sinakop din ng Britanya dahil sa malakas na puwersang pandagat noong ika-18 at ika-19 siglo | |
| | • Myanmar (Burma) | • Tinulungan ng mga Ingles si Alaung Paya upang mapag-isa ang watak-watak na estado | • Binigyan ng pribelihiyong pangkalakalan ni Alaung Paya<br>• Nagkasagupaan si Alaung Paya at mga Ingles dahil sa hangganan |


| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ng India at Myanmar |
| | • Brunei | • Tinulungan ni James Brooke ang sultan ng Brunei upang sugpuin ang isang pag-aalsa | • Noong 1885 ginawang lalawigan ng India ang Myanmar<br>• Noong 1888 naging protektadong estado ng Britanya ang Brunei at Sarawak |
| | • Sabah o North Borneo | • Nakuha ng British North Borneo Company mula sa sultan ng Jolo | • Pinamahalaan ng British North Borneo Company ang Sabah na may proteksyon ng Britanya |



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Batay sa iyong napag-aralan noong ikaw ay nasa unang taon sa high school o secondary sa asignaturang Kasaysayan ng Pilipinas, isalarawan sa pamamagitan ng maigsing sanaysay ang mga ginawa ni Magellan nang siya ay dumating sa Pilipinas.

______________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
_______________________________________________________________.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Subukan mong punuan ang mga patlang para makabuo ng isang salita.

1. S___B___H
   Ang teritoryo na inaangkin ngayon ng Pilipinas at kilala bilang North Borneo.
2. K___L___N___A
   Ang tawag sa bansang sinakop.
3. R___Z___ ___
   Isang kilalang propagandista sa Pilipinas.
4. M___A___M___R
   Kilala sa tawag sa Burma.
5. S___N___A___O___
   Pinakamaliit na estado na dati ay bahagi ng Malaysia.



**Tandaan Mo!**

- Ang mga Europa ay nakatuklas ng daang pakanluran papuntang silangan.
- Ang mga teritoryong natuklasan ay ay ginawang kolonya.
- Ang motibo ng kolonyalisasyon ay pangkabuhayan, pangrelihiyon at pagpalawak ng kapangyarihan.
- Ang mga Europeong bansa ay nagpaligsahan sa pagsakop ng teritoryo sa Asya.

**ARALIN 2**

**PAGTUGON SA KOLONYALISMO**



Sa araling ito ay susuriin natin ang mga paraan na ginamit ng mga nasakop na teritoryo sa Asya sa kani-kanilang mananakop na taga-Europeo.

**A. Pilipinas**

Ang Pilipinas ay sinakop ng mga Espanyol sa loob ng 300 taon:

1. Nagkaroon ng pag-aalsa ang mga Pilipino mula pa noong 1571 ngunit ang mga ito ay hiwa-hiwalay na pag-aalsa kaya naging bigo na makahingi ng reporma o mapaalis ang Español.
2. Bumuo ng Kilusang Propaganda (Propaganda Movement) sila Jose Rizal, Marcelo del Pilar, Graciano Lopez Jaena mismo sa España para ipaabot sa Hari ng Espanya ang mga hinihinging reporma ngunit sila ay nabigo din. Ito ay ginawa nila sa pamamagitan ng pagsulat sa diyaryo, pagsulat ng tula, nobela at iba pa, ngunit naging bigo rin.

3. Itinatag ang Katipunan (KKK- Kataas-taasang, Kagalang-galangang Katipunan anak ng Bayan), isang sikretong kilusan na itinatag ni Andres Bonifacio para patalsikin ang mga Español. Natuklasan ang kilusan noong 1896 kaya sinimulan na ang rebolusyon ngunit ang rebolusyon ay inabot ng pagdating ng Amerikano noong1898 dahil sa digmaang "Spanish- Amerika War" sa pamamagitan ng Estados Unidos at Espanya. Ang Pilipinas ay napasailalim ng Estados Unidos nang matalo nito ang Espanya.

**B. India**

***1. Mahatma Gandhi***

Ang India ay nasa ilalim ng pamamahala ng Britanya. Sa pamamagitan ni Mahatma Gandhi inilunsad nila ang isang mapayapang paraan ng pagtutol kung saan walang armas at dahas na ginamit ngunit sa pamamagitan ng "civil disobedience". Ito ay nakapagmulat sa mga Hindu at naging daan sa kanilang pagkakaisa.


***2. Rebelyong Sepoy***


Ito ay ang pagtugon ng mga taga-India sa kolonisasyon sa pamamagitan ng dahas. Muntik ng mawasak ang Imperyong Britanya sa ginawang rebelyong ito noong 1857-1858. Ang Sepoy ay mga katutubong sundalo na naghangad sa pamamgitan ng paghihimagsik na patalsikin ang mga British.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Subukan mong punuan ang sumusunod ng mga tauhang bumubuo nito.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Magbigay ng maikling pagsasalarawan ng pamamaraang ginamit ni Mahatma Gandhi ng India laban sa Britanya.

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Iba't ibang paraan ang ginagamit ng mga nasakop na teritoryo sa Asya laban sa mga nanakop na Europeo.
- Ang paraan ay maraming mapayapa o marahas.
- Ang halimbawa ng mapayapang paraan ay ang kilusang propaganda sa Pilipinas at "civil disobedience" sa India.
- Ang marahas na paraan naman ay ang himagsikang pinangunahan ni Bonifacio sa Pilipinas at ng mga Sepoy sa India.

**ARALIN 3**

## EPEKTO NG KOLONISASYON SA ASYA

Ang kolonisasyong naganap sa Asya ay nagkaroon ng mabuti at di mabuting epekto. Sa araling ito susuriin natin ang mga ito.

### Epekto ng Kolonyalismo sa Asya

***A. Paggalugad ng mananakop sa likas na yaman ng kolonya***

1. Ang mananakop ang higit na nakinabang sa likas na yaman.
2. Ang yaman ng nasakop na bansa ay nilinang nang husto.

***B. Pag-unlad ng teknolohiya at kalusugan***

1. Natuto ang mga nasakop ng makabagong makinarya.
2. Napa-unlad ang pamumuhay ng mga katutubo.
3. Napuksa ang mga sakit dahil sa makabagong gamut at paraan ng paggamot.

***C. Pagbabago sa sistemang pamahalaan, batas, at katarungan***

1. Naging maayos ang sistema ng pamahalaan. Ang dating watak-watak na mga teritoryo ay nabuo bilang isang estado.

***D. Pagbuo ng damdaming nasyonalismo***

1. Pagkagising ng damdaming makabayan dahil sa paglawak ng kalayaan nang sakupin ng mga dayuhan.
2. Nagkaisa ang mga tao sa paghamon sa lakas ng mga dayuhan nang sila ay maglunsad ng kilusang reporma at kilusang panghimagsikan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**


Magtalang dalawang mabuting naidulot ng kolonyalismo at dalawang ring hindi mabuting naidulot nito.

A. Mabuting naidulot

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________

B. Hindi mabuting naidulot

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kung ang karanasan ng Pilipinas ang tutukuyin, paano mo maisasalarawan ang epekto sa iyo ng pananakop ng Kastila? Magbigay ng isang halimbawa.

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang kolonisasyon ng ilang teritoryo sa Asya ay nagdulot ng mabuti at di mabuting epekto.
- Halimbawa ng mabuting epekto ay ang paglinang mg likas na yaman at pag-usbong ng damdaming nasyonalismo.
- Ang di mabuting epekto ng naman ay ang higit na pakinabang ng gma sumakop sa likas na yaman ng sinakop sa bansa.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang pagtuklas ng kanlurang ruta patungo sa Silangan ay nagbigay daan sa kolonisasyon.
- Ang kolonisasyon ay ang pananakop sa isang teritoryo upang ipasailalim ito sa kapangyarihan ng dayuhang bansa.
- Ang motibo ng kolonisayon ay pangkabuhayan, pangrelihiyon at pagpapalawak ng kapanyarihan.
- Ang mga Europeong bansa na nagkaraan ng kolonya sa Asya ay :
    - Portugal
    - Espanya
    - Pransiya
    - Orlanda
    - Britanya
- Ang kolonisasyon ay nagkaroon ng mabuti at di mabuting epekto sa mga bansang nasakop.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod na bansa ang mahigpit na nagpaligsahan sa paglakbay sa paghahanap ng ruta papuntang Silangan.
   A. Britanya at Espanya.
   B. Espanya at Portugal.
   C. Pransiya at Portugal.
   D. Orlandia at Espanya.

2. Anong Europeong bansa ang sumakop sa Indo China?
   A. Britanya
   B. Orlandia
   C. Pransiya
   D. Portugal

3. Ang Sepoy ay tumutukoy sa
   A. katutubong Pilipinas.
   B. katutubong ng India.
   C. katutubong Indones.
   D. katutubong Borneo.

4. Anong bansa ang may kasalukuyang tawag sa Myanmar?
   A. Brunei
   B. Borneo
   C. Burma
   D. Saba

5. Si Jose Rizal ay itinuturing  na isang
   A. rebolusyunaryo.
   B. mamamahayag.
   C. propagandista.
   D. magiting na sundalo.

6. Ang hinahangaang bayani ng India ay si
   A. Mahatma Gandhi.
   B. Indira Gandhi.
   C. Mohammad.
   D. Sepoy.

7. Ang pinakamaliit na estado na dating bahagi ng Malaysia at ngayon ay napaunlad ay
   A. Brunei.
   B. Singapore.
   C. Borneo.
   D. Sabah.

8. Ang tawag sa samahang ng mga Pilipinas na naglahad na magkaroon ng repormasa ilalim ng Kastila ay

A. Katipunan.
B. La Liga Filipina.
C. Kilusang Propaganda.
D. Samahang Filipina

9. Ang tawag sa pananakop ng makapangyarihang bansa sa mahihinang bansa ay
   A. eksplorasyon.
   B. kolonisasyon.
   C. integrasyon.
   D. pamamahala.

10. Ang bansang unang sumakop sa Pilipinas ay
    A. Estados Unidos.
    B. Espanya.
    C. Britanya.
    D. Orlandia.

11. Ang teritoryo na inaangkin ngayon ng Pilpinas at kilala bilang North Borneo ay
    A. Singapore.
    B. Sabah.
    C. Spratly.
    D. Kalayaan.

12. Ang pangunahing motibo ng mga Europeo sa panankop ay
    A. pangangalakal.
    B. pagpalaganap ng relihiyon.
    C. maging tanyag
    D. pagpalaganap ng ideolohiya.

13. Ang rebelyon ng gma katutubo ng India laban sa Britanya ay kilala bilang
    A. Sepoy rebelyon.
    B. Rebelyon ni Gandhi.
    C. Rebelyon ng Borneo.
    D. Rebelyon ng Bombay.

14. Ang teritoryo sa Asya na nasakop ng Orlandia ng mahaba ring panahon
    A. Indo-China.
    B. Indonesia.
    C. India.
    D. Annam.

15. Ang nanguna sa paglalakbay sa paghahanap ng ruta sa Silangan na naging daan para sakupin ang teritoryo sa Asya ay
    A. Espanya.
    B. Portugal.
    C. Britanya.
    D. Pransiya.



## GABAY SA PAGWAWASTO:

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

1. kilusang propaganda
2. Britanya
3. Singapore
4. kolonya
5. kalakal
6. Olandia
7. Mahatma Gandhi
8. Sabah
9. Sepoy
10. French – Indo China

**PANGHULING PAGSUSULIT**

1. B
2. C
3. B
4. C
5. C
6. A
7. B
8. C
9. B
10. B
11. B
12. A
13. A
14. B
15. B